Pangalan: ________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagsulat ng Kuwento**

**I. PANUTO: Bilugan ang letra na tutugon sa inilalarawan sa bawat bilang.**

1. Ito ay biswal na kagamitan sa pagsasaayos ng mga konsepto, kaisipan, o mga pangyayari sa isang kuwento.

a. Borador b. Banghay c. Patalatang balangkas d. Nakalarawang balangkas

2. Ang unang dapat isaalang-alang sa pagsulat ng kuwento ay ______________?

a. paksa b. tauhan c. tagpuan d. suliranin

3. Ang naglalahad ng sinapit ng tauhan at ang kinahinatnan ng kabuoan ng kuwento ay _____________?

a. wakas b. panimula c. pataas na aksiyon d. pababang aksiyon

4. Sa pagsulat ng kuwento, nakatutulong ang paggamit ng salitang pantransisyon. Tukuyin ang ginamit na salitang pantransisyon sa pangungusap sa ibaba.

**Masayang nagkukuwentuhan ang magkaibigan nang walang ano-ano'y may sumunod na aso sa kanilang likuran.**

a. ang magkaibigan
b. nang walang ano-ano'y
c. Masayang nagkukuwentuhan
d. sa kanilang likuran

5. Ano ang dapat isaalang-alang sa pagpili ng paksa?

a. Ang paksa ay dapat makabago.
b. Ang paksa ay dapat napapanahon.
c. Ang paksa ay dapat malawak ang saklaw.
d. Ang paksa ay dapat angkop sa iyong interes at kakayahan.

6. Sa pagsulat ng kuwento, pinakamadaling makita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kung gagamit ng ganitong uri ng transisyon.

a. Una, ikalawa, sumunod, sa huli'y
b. Sa Lunes, nang sumunod na araw, bukas…, sa makalawa
c. Matapos ang, makaraan ang, paglipas ng, ang sumunod ay
d. Walang ano-ano'y, nang 'di kalaunan, bigla na lamang, walang kaabog-abog

7. Ang mga sumusunod ay naipakikita ang mga pangyayari at pagsasalaysay ng mga mahahalagang elemento ng isang kuwento maliban sa:

a. Pagtukoy sa tagpuan at pagkilala sa tauhan
b. Pagtunghay sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o banghay
c. Ang pag-unawa sa kabuuan ng mensahe o aral
d. Pagrerebisa ng pamagat ng kuwento.

8. Paano nabubuo ang aral o paksang-diwa ng kuwento?

a. Sa pamamagitan ng magandang wakas ng kuwento
b. Sa pamamagitan ng pinagsama-samang kilos ng mga tauhan

c. Sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano nilutas ang suliranin sa kuwento

d. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga epekto ng desisyon o layon ng mga tauhan, mabuti man o masama

9. Bakit mahalaga ang paggamit ng salitang "pantransisyon" sa pagsulat ng kuwento?

I. Nagpapaliwanag ito ng karugtong na pangyayari.
II. Nakatutulong ito sa maayos na daloy ng mga pangyayari.
III. Nagbibigay ito ng hudyat sa pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari.
IV. Nagbibigay-pahiwatig ito sa pagdurugtong-dugtong ng mga pangyayari.

a. Ang lahat ay tama.

b. Ang lahat ay mali.

c. Ang I, II, at III ay tama habang ang IV ay mali.

d. Ang II, III, at IV ay tama habang ang I ay mali.

10. Ang mga sumusunod ay mga hakbang pagkatapos sumulat ng isang kuwento maliban sa ___________.

a. Pagtataya ng natapos na gawain

b. Pag-iisip ng mainam na suliranin ng kuwento

c. Pagrerebisa kung kinakailangan

d. Ayusin ang mga ideya sa mga pangungusap at talata